



Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture (GEF ID: 10573)

Ang Pangunahing Buod ng Proyektong ‘Blue Horizon’ para sa mga Kasaping-Grupo (Stakeholders)

Balangkas sa Pangkalikasan at Panlipunang Pagsusubaybay ng Pilipinas (Philippines Environmental and Social Monitoring Framework)

Ang dokumentong ito ay naglalahad ng pangunahing buod ng balangkas para sa pangkalikasan at panlipunang pagsusubaybay o *Environmental and Social Monitoring Framework (ESMF)* sa Pilipinas bilang isang bahagi ng WWF GEF project na ‘Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture’ (GEF ID: 10573). Ang pangunahing buod na ito, kasama ng pangunahing buod ng plano ukol sa pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo o *Stakeholder Engagement Plan (SEP)* ay isanalin sa wikang Filipino mula Inggles.

Ang buong tekstong nasa wikang Inggles ay matatagpuan sa *website* ng SEAFDEC, BFAR at ahensiya ng WWF GEF. Ang nakalimbag na kopya ng mga isinaling pangunahing buod ng ESMF at SEP ay ilalagay sa mga akmaang lugar-pampubliko gayundin sa mga tanggapan ng SEAFDEC at BFAR.

1. PANIMULA

Inilalahad ng bahaging ito ang mga lugar na sakop ng proyekto, mga layunin at mga saklaw ng proyekto. Ang mga benipisyong panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkalikasan ay itinampok din sa bahaging ito. Gayundin, matatagpuan sa bahaging ito ang mga impormasyon tungkol sa kategorisasyon ng mga panganib o bantag kinakaharap ng proyekto gayundin ang mga listahan na naglalarawan ng mga institusyonal na patakaran.

Ang proyektong ‘Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture’ ay iinog sa pandaigdigan, pang-rehiyon, at pambansang antas upang mapalakas at mas malawak na malinang ang buong daloy (value chain) ng mga proseso at sistema upang mabigyan ng angkop na halaga ang halamang-dagat (seaweeds) bilang isang kalakal. Ang proyekto ay ipatutupad sa mga baybayin at ekosistema sa mga karagatan ng Viet Nam at Pilipinas na kung saan, ang pag-aalaga ng halamang-dagat ay isang lumalagong negosyo sa mga baybaying lalawigan. Ang nasabing negosyo ay nagbibigay ng matatag na kabuhayan para sa mga komunidad, serbisyong pang ekosistema para sa pagpapayabong ng samu’t-saring buhay, gayundin ang pagbunga nito ng kita para sa mga umaangat na bansa upang matuldukan ang kahirapan.

Nakasentro sa paghalaw ng likas na halaga ng *macroalgae* upang maisalin ito sa aktwal na benepisyong para sa lipunan, ang ‘Blue Horizon: Ocean Relief through Seaweed Aquaculture’ Project (mula ngayon: Seaweed Project) ay naglalayong lumikha ng likas-kayang daloy ng mga proseso at sistema (*value chain*) na magbibigay-daan sa mga serbisyong pang-ekosistema at benepisyong pang sosyo-ekonomiko. Kasama sa mga serbisyong pang-ekosistema ang asimilasyon ng labis na sustansya mula sa mga baybaying-katubigan, at ang mga kaugnay na benepisyong pangkapaligiran gaya ng pagbabawas ng kalabisang sustansya at ng pag-aasido ng karagatan pati na rin ang pagpapabuti ng kanlungan ng samu’t-saring buhay sa karagatan. Kabilang sa mga benepisyong panlipunan at pang-ekonomiya ang pagkakaiba-iba ng mga pagkakakitaan, pinahusay na kita ng sambahayan at komunidad at mga pagkakataon para sa pantay na pakikilahok ng kababaihan at kalalakihan sa pinagbuti o sa mga bagong pagkakataon sa kabuhayan na nakapaloob sa daloy ng mga proseso at sistema (*value chain*).

Ang Seaweed Project ay inaprubahan ng GEF Council noong Disyembre 11, 2020. Ito ay inindorso ng GEF CEO noong Hulyo 12, 2022. Ang proyekto ay bahagyang tutustusan sa pamamagitan ng \$ 6,000,000 GEF bilang kaloob na pondo at \$9,525,629 sa magkasamang pagpopondo (*co-financing*).

Ang WWF ay tagapag-patupad na ahensiya ng GEF. Kung kaya’t, ang balangkas ng WWF sa pang-kapaligiran at panlipunang pananggalang (*Environmental and Social Safeguards/ESSF*), na nakadetalye sa *Safeguards Integrated Policies and Procedures* (SIPP) ay nailalapat sa proyekto at nangangailangan ng paghahanda ng balangkas sa pang-kapaligiran at panlipunang pamamahala (*Environmental and Social Management Framework/ESMF*) at balangkas ng proseso (*Process Framework/PF*) at balangkas ng pagpapaplano para sa mga katutubo (*Indigenous Peoples Planning Framework/IPPF*)

Ang mga prinsipyo at pamamaraan ng ESMF ay nailalapat lamang sa mga gawain ng proyekto na pinondohan sa pamamagitan ng GEF.

Sa pangkalahatan, ang inaasahang masamang epekto sa kalikasan at lipunan, sa populasyon na naninirahan sa loob ng mga lugar na apektado ng proyekto, ay partikular lamang sa lugar (*site-specific*), maaring maibalik sa dati at madaling mabawasan. Kaya, ang Seaweed Project ay inuri bilang isang "Category B" na proyekto sa ilalim ng *WWF Environmental and Social Safeguards Categorization*.

Kasama sa institusyonal na kasunduan (*institutional arrangement*) para sa proyekto ang sumusunod: ang WWF bilang GEF Agency, ang Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) bilang Lead Regional Executing Agency (ang Secretariat nito sa Bangkok, Thailand ay ang siyang magiging tagapag-padaloy ng Project Management Unit), ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) ng Pilipinas at Directorate of Fisheries (D-fish) ng Viet Nam bilang kabalikat sa pagpapatakbo ng proyekto sa Pilipinas at Viet Nam at isang komite na mangunguna sa pagpapadaloy ng proyekto (Project Steering Committee.)

1.1 Layunin ng ESMF

Nilalayon ng ESMF na balangkasin ang mga prinsipyo, pamamaraan, at mga hakbang sa pagpapagaan ng mga negatibo (*mitigation*) para matugunan ang mga epekto sa kalikasan at lipunan na kaugnay sa proyekto alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Pilipinas at ng ESSF. Kapag natukoy na ang tumpak na saklaw ng mga kaugnay na aktibidad sa panahon ng pagpapatupad, bubuuin ang mga pangkapaligiran at panlipunang plano (*Environmental and Social Management Plans/ESMPs*) na partikular sa lokasyon alinsunod sa gabay na ibinigay ng ESMF na ito.

1.2. Layunin ng PF

Ang Proyekto ay magbubunsod ng *Standard on Access Restriction and Resettlement* ng WWF dahil maaari nitong mahadlangan o maapektuhan ang paggamit sa likas na yaman at ang mga aktibidad sa

kabuhayan ng mga *Project Affected People* (PAP) o mga taong apektado ng proyekto. Inilalarawan ng *Process Framework* (PF) na ito ang proseso kung saan lumalahok ang mga apektadong komunidad sa pagtukoy, disenyo, pagpapatupad at pagsubaybay sa mga kaugnay na aktibidad ng proyekto at mga hakbang na pagpapagaan ng negatibong epekto. Layunin ng PF na ito na tiyakin ang pakikilahok ng *Project Affected People* (PAP) habang kinikilala at pinoprotektahan ang kanilang mga karapatan at interes at tinitiyak na hindi lumala ang kanilang kalagayan bilang resulta ng proyekto.

Dahil nilalayon ng proyekto na pahasayin ang kabuhayan at katatagan ng mga katutubo at lokal na komunidad, ang paglalaan ng mga benepisyong proyekto sa mga miyembro ng lokal na komunidad ay binibigyan ng partikular na halaga. Ang layunin ng balangkas ay upang matiyak na hayag at may pagkakapantay-pantay sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga aktibidad ang proyekto. Ang balangkas na ito ay nagdedetalye ng mga prinsipyo at proseso para sa pagtulong sa mga komunidad na tukuyin at pangasiwaan ang anumang potensyal na negatibong epekto ng mga aktibidad ng proyekto. Dahil ang eksaktong mga epekto sa lipunan ay matutukoy lamang sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto, titiyakin ng PF na ang pagpapagaan ng anumang negatibong epekto mula sa mga pamumuhunan sa proyekto ay gagawin sa pamamagitan ng prosesong kabilang ang lahat, kasama ang mga apektadong kasaping-grupo (*stakeholder*) at mga may hawak ng karapatan (*rightsholders*). Titiyakin din nito na ang anumang nais na pagbabago ng mga komunidad, sa mga paraan ng paggamit ng mga katutubo sa kanilang kaugaliang karapatan sa lupain, sa mga lokasyon ng proyekto, ay hindi ipapataw, ngunit dapat na lumabas sa isang proseso ng pagsangguni.

1.3. Layunin ng IPPF

Batay sa pamantayan ng WWF sa mga katutubo o *WWF's Standard on Indigenous Peoples* (IP), ang mga taong apektado ng proyektong ito ay maituturing na mga Katutubo, etniko o tribong minoritya. Ang layunin ng IPs Planning Framework (IPPF) ay linawin ang mga prinsipyo, pamamaraan at kaayusan ng organisasyon na ilalapat sa mga IP para sa Seaweed Project.

2. PAGLALARAWAN NG PROYEKTO

Binabalangkas ng kabanatang ito ang mga layunin ng Philippines Seaweed project, mga bahagi nito, mga nakamit na tagumpay o milestones, at mga pangunahing suportadong aktibidad. Ang mga partikular na lokasyon ng proyekto ay natukoy din sa Figura 1 ng seksyong ito.

2.1. Mga Layunin at Bahagi ng Proyekto

Ang mga benepisyong pangkalikasan ay inaasahang magreresulta mula sa pagpapahusay na mga serbisyong pang-ekosistema na ibinibigay sa mga pataniman ng halamang-dagat o *seaweed farm*, partikular na may kinalaman sa: pagbabawas ng pagiging mataas sa asido ng dagat (*acidification*), pagkakaroon ng dagdag ng *oxygen* sa katubigang nasa baybayin (*oxygenation*), pagpapagaan ng kalabisan ng sustansiya sa mga tubig-dagat, pagbabawas ng mga nakapipinsalang pamumulaklak ng lumot (*harmful algal blooms*) at pagpapabuti ng mga kondisyon para sa samu't-saring buhay ng yamang-tubig (*aquatic biodiversity*).

Ang mga benepisyong pang-ekonomiya ay inaasahang maiipon mula sa pinagyaman at iba't ibang uri ng mga oportunidad sa kabuhayan, na magpapahusay naman sa mga kita sa pamamagitan ng mga sumusunod: paglaki ng produksyon ng *biomass* na may mas mataas na kalidad, produksyon at pagbebenta ng mga tradisyunal na anyo ng produkto, pakikilahok sa produksyon at pagbebenta ng mga produktong may mataas na halaga, at kung mapapatunayang kayang gawin, ang potensyal ng karagdagang kita mula sa carbon credits.

Inaasahang kasama sa mga benepisyong panlipunan ang mas mahusay na kabuhayan, mga oportunidad sa trabaho na mabubuo sa pamamagitan ng produksyon at pangangalakal ng mga tradisyunal at mga bagong produktong ipagbibili, pati na rin ang pinalakas na seguridad sa pagkain.

Ang layunin ng Proyekto ay makakamit sa pamamagitan ng sumusunod na apat na magkakaugnay na bahagi (*component*):

Bahagi 1: Panrehiyong pamamaraan at kapasidad para sa daloy ng mg proseso at sistema sa Pagbibigay Halaga sa seaweeds bilang isang kalakal (*Seaweed Value Chain*) sa Timog-Silangang Asya. Ang proyekto ay bubuo ng pang-rehiyong gabay para sa akwakultura ng halamang-dagat (*Seaweed Aquaculture*) sa Rehiyon (kabilang sa iba pang mga plano, kasangkapan at pagsasanay) na gagamitin ng SEAFDEC Governing Council, na magbubuo ng mga pamantayan para sa akwakultura ng halamang-dagat na angkop sa rehiyon.

Bahagi 2: Nakapagpapaganang Kapaligiran (*Enabling Environment*) para sa Akwakultura ng Halamang-dagat sa Pilipinas at Viet Nam. Isang balangkas ng pamamahala na binubuo ng mga patakaran, regulasyon at teknikal na mga alituntunin ay bubuhin upang suportahan ang pagpapalawak ng halamang-dagat at upang bumalangkas at magpatakbo ng mga plano sa pamamahala.

Bahagi 3: Daloy ng mga Proseso at Sistema sa Pagbibigay-Halaga sa Halamang-Dagat bilang Isang Kalakal (*Seaweed Value Chains*) (produksyon + pagproseso). Makikipagtulungan ang proyekto sa mga organisadong prodyuser upang magpasimuno (*pilot*) ng mga taniman sa mga lugar na mas malayo kaysa sa kasalukuyang mga lokasyon, na magsisilbing patunay ng konsepto para sa produksyon ng halamang-dagat sa labas ng pampang. Ang proyekto ay magtatatag din ng bagong *biorefinery* at mga solusyon sa pagproseso na mas malapit sa lokasyong partikular sa produksyon ng proyekto.

Bahagi 4: Pamamahala ng Kaalaman (*Knowledge Management*), Pagsusubaybay at Pagsusuri (*Monitoring and Evaluation/M&E, at IW Learn* (rehiyonal)). Ang mga aktibidad ay susubaybayan at ipapahayag sa pamamagitan ng maraming daluyan ng impormasyon (*channel*). Sa ganitong paraan, gagamitin at palalawakin ng proyekto ang kasalukuyang panimulaan (*baseline*) na aktibidad sa industriya ng halamang-dagat sa Pilipinas at Viet Nam para isulong ang interes ng mga nagtatanim ng halamang-dagat at kanilang mga komunidad, at palaguin ang pandaigdigang pamilihan para sa halamang-dagat sa isang makalikas-kaya o pangmatagalan at responsableng paraan.

2.2. Pagsasalarawan ng Lugar ng Proyekto (*Project Area Profile*)

Ipatatupad ang proyekto sa dalawang lokasyon sa Pilipinas at dalawang lokasyon sa Viet Nam. Tatlo sa mga ito ay katubigang-dagat habang ang pangalawang lokasyon, sa Viet Nam, ay binubuo ng mga lawa sa baybayin na nakabase sa lupa (*land-based coastal ponds*) na binabago ang kapakinabangan mula sa pag-aalaga ng hipon patungo sa pagpapatubo ng *Caulerpa lentillifera* (tingnan ang mapa ng lokasyon sa Figura 1).



Figura 1. Mga Lokasyon ng Proyekto: (1) Zamboanga City, Zamboanga Peninsula, Philippines; (2) Green Island, Roxas, Palawan, Philippines; (3) Thuận Nam District, Ninh Thuan Province, Vietnam; (4) Ninh Hòa District, Khánh Hoà Province, Vietnam.

3. PATAKARANG PANGKALIKASAN AT PANLIPUNAN, MGA REGULASYON AT MGA ALITUNTUNIN

Unang binabalangkas sa kabanatang ito ang mga kaugnay na batas at regulasyon ng Pilipinas at ang pinagsasama-samang polisiya at hakabanging pananggalang o ang *Safeguards Integrated Policies and Procedures* (SIPP) ng WWF na naaangkop sa proyekto, at pagkatapos ay tinatalakay ang mga agwat sa pagitan ng mga batas at regulasyon ng Pilipinas at ng SIPP. Sa mga kaso kung saan may mga pagkakaiba sa pagitan ng batas ng Pilipinas at ng WWF-SIPP, ang SIPP ang mananaig.

3.1 Mga Patakarang, Batas, Mga Alituntunin sa Regulasyon ng Pilipinas

Ang **Batas Pampangisdaan ng Pilipinas 1998** (*Philippine Fisheries Code of 1998*) ay ang namamahalang batas sa pangisdaan sa Pilipinas upang tugunan ang magkakaugnay na mga isyu ng pagkasira ng pinagkukunan ng likas na yaman at kahirapan sa mga mangingisda. Ang nasabing batas ay nagtatakda rin ng mga pagbabawal hinggil sa hindi wastong pakikinabang ng pangisdaan at yamang-tubig upang matiyak ang makatuwiran at likas-kayang paglinang, pamamahala, at konserbasyon ng likas na yaman sa katubigan ng Pilipinas. Ang **Seaweed Roadmap** ng BFAR (2016-2022, na nakatakdang rebisahin at baguhin para sa 2022-2027) ay nagbibigay ng mgaistratehiya at interbensyon upang ilahad, palawakin at pataasin ang pagiging produktibo ng pag-aalaga ng halamang-dagat (*seaweeds farming*).

Bilang karagdagan sa mga planong nasa pambansang antas, kasalukuyang nirerebisa at binabago ng BFAR ang **Philippines National Standards (PNS)** hinggil sa mas mahusay na mga pamamaraan sa akwakultura gayundin sa produksyon ng pinatuyong halamang-dagat (raw dried seaweed), na sumasaklaw sa mga pamamaraan na naglalayong iwasan o bawasan ang mga panganib na nauugnay sa produksyong mula sa akwakultura sa anumang kapaligiran.

Gayundin, ang mga batas sa paggawa ng Pilipinas ay sumusunod sa mga pandaigdigang pamantayan at niratipikahan din ng bansa ang 38 ILO Conventions. Ang **PNS para sa Dried Raw Seaweed na pinagtibay noong 2012** ay nag-aatas ng tukoy ng kalidad (*quality specifications*) at mga kinakailangan sa pagtiyak na ligtas na produkto ng hilaw at pinatuyong halamang-dagat (*dried raw seaweed*) na mula sa klaseng *Rhodophyceae* (*red seaweed* o pulang halamang-dagat) tulad ng – ngunit hindi limitado sa – *Kappaphycus spp.* at *Eucheuma spp.*

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ng 1987 (*The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines*) ay kumikilala sa mga karapatan ng mga Katutubo sa kanilang mga katutubong-lupain at ang kanilang kapangyarihan ng pamamahala sa kanilang mga lupain at pinagkukunang likas-yaman. Bukod dito, iginagalang nito ang mga pangunahing karapatan at ang kanilang mga paniniwala, kaugalian at tradisyon na nakatali sa lupain. Dagdag pa rito, nagtatakda ang Artikulo III, seksyon 9 na ang pribadong ari-arian ay hindi maaaring kunin para sa pampublikong paggamit nang walang makatarungang kabayaran.

Karagdagan pa, kinikilala at iginagalang ng **IPs Rights Act (IPRA) ng 1997** ang mga karapatan ng iba't ibang katutubong pamayanang kultural sa Pilipinas, kabilang ang mga karapatang kontrolin ang kanilang mga lupaing ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya. Ang batas ay lumikha ng *National Commission for Indigenous Peoples (NCIP)* na siyang naatasang magpatupad ng IPRA.

3.2 Mga Pamantayan at Pamamaraan ng Mga Pananggalang (Safeguards) ng WWF na Naaangkop sa Proyekto

Ang mga pamantayan sa pananggalang ng WWF ay nagtatakda na ang anumang potensyal na masamang epekto sa kalikasan at lipunan ay tutukuyin at iiwasan o pagagaanin. Ang mga patakaran sa pananggalang na nauugnay sa proyektong ito ay ang mga sumusunod.

(i) Pamantayan sa Pamamahala sa Pangkaligiran at Panlipunan sa Panganib

Ang Proyekto ay inaasahang suportahan ang produksyon ng halamang-dagat at pagpapabuti ng kabuhayan ng mga nagtatanim ng halamang-dagat, kung kaya't ang mga epekto nito sa kapaligiran at panlipunan ay inaasahang magiging positibo. Ang mga masamang epekto sa kapaligiran at lipunan na maaaring mangyari bilang resulta ng mga aktibidad ng proyekto ay inaasahang magiging partikular lamang sa lokasyon, kaunti at madaling mapagaan.

Ang eksaktong lokasyon at epekto ng mga partikular na aktibidad ay hindi matutukoy sa puntong ito at malalaman lamang sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto. Ihahanda ang mga ESMP na partikular sa lokasyon gaya ng kinakailangan, batay sa mga prinsipyo at alituntunin ng ESMF.

(ii) Pamantayan sa Proteksyon ng mga Likas na Tirahan

Ang lugar kung saan pinapatubo at inaalagaan ang halamang-dagat, kung saan isasagawa ang mga aktibidad ng proyekto, ay nagbibigay ng mga pang-ekosistemang serbisyo at kabuhayan sa mga apektadong komunidad ng proyekto. Sa pangkalahatan, ang mga aktibidad ng Seaweed Project ay magbubunga ng mga benepisyong mahalaga sa kalikasan at may kaugnayan sa kabuhayan. Ang anumang potensyal na masamang pangkalikasang epekto sa populasyon ng tao o mga mahahalagang lugar pangkalikasan kabilang ang mga lokal na pangisdaan at akwakultura ay inaasahang magiging napakalimitado. Gayunpaman, nakahanda ang ESMF na maayos na pamahalaan ang panganib ng anumang hindi inaasahang masamang pangkalikasang epekto sa mga natural na tirahan, kabilang ang mga kritikal na natural na tirahan, pati na rin ang mga hakbang upang mapahusay ang positibong resulta ng proyekto sa kalikasan.

(iii) Pamantayan sa Imboluntaryong Paglipat ng Pananahanan (Involuntary Resettlement)

Ang masamang epekto ng paglilipat ng pananahanan (*resettlement*) ng proyektong Seaweed ay inaasahang magiging maliit. Ang pagkuha ng lupa o pisikal na paglilipat ay iiwasan. Ang iba pang mga

anyo ng ekonomikong *resettlement* (hal., mga paghihigpit sa paggamit sa mga likas na yaman at mga kabuhayan, pagkawala ng mga mapagkukunan na pag-aari ng komunidad, mga alitan sa paggamit ng lupa, atbp.) ay sisikapang mapigilan sa ilalim ng proyekto. Gayunpaman, kung hindi maiiwasan ang gayong mga epekto dulot ng paglilipat ng pananahanan, isasagawa ang mga hakbang upang mabawasan at pagaanin ang mga naturang epekto, alinsunod sa patnubay na ibinigay mula sa ESMF.

(iv) Pamantayan sa mga Katutubo

Ang pamantayan ng WWF ay nag-aatas ng pagtiyak na ang mga karapatan ng katutubo ay iginagalang, na ang mga IP o katutubo ay hindi dumanas ng masamang epekto mula sa mga proyekto, at ang mga katutubo ay tumatanggap ng mg benepisyong mula sa konserbasyon na naaangkop sa kultura. Naibunsod ng Seaweed Project sa Pilipinas ang pamantayan dahil ang mga IP ay naninirahan sa parehong mga lokasyon ng proyekto.

(v) Pamantayan sa Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Komunidad

Tinitiyak ng Pamantayan na ito na ang kalusugan, kaligtasan at seguridad ng mga komunidad ay iginagalang at nararapat na pinoprotektahan. Ang patnubay sa mga kondisyon sa paggawa at pagtrabaho (*Guidance on Labor and Working Conditions*) ay inaatasan ang mga nagbibigay ng trabaho at namamahala sa mga mangagawa na ipatupad ang lahat ng makatwirang pag-iingat upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga ito sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga hakbang sa pag-iingat, pagsiguro ng kaligtasan at proteksyon. Kinakailangan din nito na sundin ang mga karapatan sa paggawa ng mga manggagawang nagtatrabaho sa proyekto.

(vi) Pamantayan sa Pamamahala ng Peste

Ang proyekto ay hindi magpopondo o magsasama ng paghikayat o paggamit ng mga pestisidyo. Sa kabilang banda, layunin nitong bawasan ang dami ng mga kemikal na pataba at pestisidyo na ginagamit sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kapasidad ng nagtatanim sa wastong paggamit ng mga kemikal/hindi kemikal na alternatibong paraan sa pagtatanim ng halamang-dagat.

(vii) Pamantayan sa Yamang Kultural

Ang mga aktibidad ng proyekto ay hindi inaasahang negatibong makakaapekto sa mga yamang-kultura (na kinabibilangan ng mga arkeyolohiko, paleyontolohikal, historikal, arkitektural at sagradong mga lugar pati na rin ang mga hindi nahahawakang yamang-kultura), dahil ang mga ito ay ipapatupad sa mga lugar na hindi katatagpuan ng mga gayong yaman (i.e., baybaying-lugar o sa mismong dagat). Gayunpaman, upang maiwasan ang anumang masamang epekto sa mga yamang-kultura, hindi tutustusan ng proyekto ang mga aktibidad na maaaring makapinsala sa naturang mga yaman. Ang Project Management Unit ay sasangguni din sa mga lokal na tao at iba pang nauugnay na kasaping-grupo para sa pagdodokumento ng presensya at kahalagahan ng mga yamang-kultura, pagtatasa sa katangian at lawak ng mga potensyal na epekto sa mga yamang ito, at pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga plano sa pagpapagaan sa negatibong epekto.

(viii) Pamantayan sa Sistema ng Pananagutan at Karaingan

Ang mga komunidad na apektado ng proyekto at iba pang interesadong kasaping-grupo ay maaaring maghain ng hinaing anumang oras sa Project Team at WWF. Pananagutan ng PMU ang pagpapaalam sa mga partidong apektado ng proyekto tungkol sa mekanismo ng pananagutan at karaingan (*Accountability at Grievance Mechanism*). Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng PMU at WWF ay naririyang para sa publiko. Ang mga kaugnay na detalye ay ibinibigay din sa seksyon ng pag-aayos ng karaingan (Grievance Redress section) ng ESMF/PF na ito.

Hindi nilalayon na ang mekanismo ng pamantayan sa sistema ng pananagutan at karaingan ng WWF (*WWF Standard on Accountability and Grievance Mechanism*) ay papalit sa mga mekanismo para sa

paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan at mga pagtugon, sa antas ng proyekto at ng bansa. Ang mekanismong ito ay idinisenyo upang: tugunan ang mga potensyal na paglabag sa mga patakaran at pamamaraan ng WWF; maging malaya, walang itinatago, at epektibo; madaling gamitin ng mga taong apektado ng proyekto; panatilihin ang mga nagreklamo sa pag-usad ng mga kaso na inihihirap; at panatilihin ang mga talaan ng lahat ng kaso at isyung inihihirap para sa pagsusuri.

(ix) Pamantayan sa Pamublikong Konsultasyon at Pagpapahayag

Ang pamantayang ito ay nangangailangan ng makabuluhang konsultasyon sa mga kaugnay na kasaping-grupo, na hangga't maaari ay maganap nang maaga at sa buong panahon ng proyekto. Kinakailangan nito ang koponan ng proyekto o Project Team na magbigay ng kaugnay na impormasyon sa isang napapanahong paraan at sa isang anyo at wika na naiintindihan at madaling makuha ng magkakaibang kasaping-grupo. Nangangailangan din sa pamantayang ito na ang impormasyon tungkol sa kalikasan at panlipunang mga isyu na nauugnay sa proyekto ay isisiwalat nang hindi bababa sa 30 araw bago ang pagpapatupad. Ilalahad ng WWF ang dokumentasyon ng mga pananggalang (*safeguards*) sa *web page* nito na *Safeguards Resources*. Ang mga pinal na dokumento ng pananggalang ay dapat na mailathala sa mga pambansang *website* ng mga nagpapatupad na ahensiya (*Implementing Agencies*) at maaaring makuha sa mga tukoy lokasyon. Kinakailangan din ng proyekto na lokal na ilabas ang lahat ng mga pinal na mahahalagang pangunahing dokumento ng pananggalang na naka-imprensa sa papel, isinalin sa lokal na wika at sa paraang naaangkop sa kultura, upang madaling malaman ng mga kaugnay na kasaping-grupo na ang impormasyon ay nasa pamublikong espasyo para ito ay kanilang mabasa at masuri.

(x) Pamantayan sa Pakikipag-ugnayan sa mga Kasaping-Grupo

Ang pamantayang ito ay nagdedetalye ng mga kinakailangang isakatuparan para sa makabuluhan, epektibo, at matalinong pakikipag-ugnayan ng mga kasaping-grupo para sa disenyo at pagpapatupad ng mga proyekto. Ang proyekto ay naghanda ng *Stakeholder Engagement Plan* (SEP) na ipapatupad sa panahon ng proyekto.

3.3 Mga agwat sa pagitan ng mga batas at patakaran ng Pilipinas at ng SIPP ng WWF

Bagama't ang mga pambansang sistema ng regulasyon sa Pilipinas ay halos nagtutugma at sumusunod sa SIPP ng WWF, may ilang mga puwang sa pagitan ng dalawang sistemang ito.

Proteksyon sa kapaligiran at saribuhay (*biodiversity*). Bagama't walang makikitang malaking puwang sa pagitan ng mga batas ng bansa, may mga pagkakaiba-iba ang pinagsama-samang pagtatasa ng epekto nito sa likas na tirahan (*habitat*) at saribuhay, pagpapatupad ng *mitigation hierarchy*, pagtrato sa *alien species*, at *biodiversity offsets*.

Paglilipat ng Pananahanan (*Resettlement*). Pinapahiwatig ng pagsusuri ng mga pambansang sistema na ang mga sumusunod na puwang ay umiiral sa hindi boluntaryong paglipat at mga paghihigpit sa pagpunta o pagpasok (*access*): (i) pamantayan para sa pagtukoy ng mga karapat-dapat na mga miyembro ng komunidad na walang lehitimo at pormal na pananahanan (*informal settler*) at petsang itinakda para sa proseso (*cut-off date*); (ii) kasapatan ng suporta sa paglipat, mga oportunidad para sa alternatibong kita, at pagpapanumbalik ng mga kabuhayan, lalo na para sa mga taong madaling maapektuhan (*vulnerable people*); (iii) proteksyon para sa mga impormal na aktibidad sa ekonomiya at kabayaran para sa pagkawala ng kabuhayan; at (iv) buong pagpapanumbalik ng halaga ng nawalang kabuhayan at pag-alis sa nakasanayang lugar-tirahan (*displacement*) at (v) mga paghihigpit sa paggamit sa mga likas-yaman sa mga idineklarang kritikal na tirahan sa kalikasan na nagreresulta sa pang-ekonomiya at sosyo-kultural na pag-aalis.

Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho. Ang lahat ng mahahalagang elemento ng *Occupational Health and Safety Standards* ng WWF ay sapat na tinutugunan ng kasalukuyang legal na balangkas ng bansa, katulad ng mga pangunahing karapatan ng manggagawa (halimbawa, karapatan sa pagpupulong, *collective bargaining*, *overtime*, *minimum wage*, *insurance*, *separation benefits*, at iba

pa); walang diskriminasyon; *child labor*; kalusugan at kaligtasan sa trabaho; at mekanismo ng pagtugon sa mga karaingan.

Kalusugan at kaligtasan ng komunidad. Gayunpaman, ang sistema ng bansa ay maaaring magbigay ng tahasang mga alituntunin para mabantayan at maiwasan ang mga nakahahawang sakit mula sa pakikipagtalik na dulot ng pagdagsa ng mga pansamantala o permanenteng manggagawa.

Mga Katutubo. Sa ilalim ng batas na IPRA, lahat ng iminungkahing aktibidad sa loob ng mga nasasakupan o lupaing ninuno (*ancestral domains/land* o AD/L) ay dapat sumailalim sa prinsipyo at karapatan ng mga katutubo para sa *Free, Prior, and Informed Consent* (FPIC) na kinikilala ng NCIP, ang mga **napiling lugar para sa proyekto ay hindi matatagpuan sa mga lupaing ninuno kung kaya't hindi nangangailangan ng FPIC sa ilalim ng mga batas ng Pilipinas.** Gayunpaman, isinasaad sa mga pamantayan ng WWF na kailangan ang FPIC para sa mga lugar sa labas ng AD/L kung ang mga aktibidad ng proyekto ay may malaking epekto sa mga lupain at likas na yaman na napapailalim sa tradisyonal na pagmamay-ari o nakasanayang paggamit; maaaring magdulot ng paglisan ng mga katutubo mula sa kanilang mga lupain at likas na yaman; maaaring magkaroon ng mga epekto sa kultural at materyal na pamana ng mga katutubo at sa kanilang pagkakakilanlan.

Pakikipag-ugnayan sa komunidad. Bagama't maraming batas ang sumusuporta sa pakikipag-ugnayan sa mga kasaping-grupo sa pamamagitan ng mga ahensyang tagapagpatupad at ng mga pamahalaang lokal, kinikilalang hadlang sa pagpapatupad ng proyekto ang mga yaman at kapasidad.

Para sa mga layunin ng Project Seaweed, ang mga probisyon ng SIPP ng WWF ay mananaig sa batas ng Pilipinas sa lahat ng kaso kung saan may pagkakaiba sa probisyon.

4. INAASAHANG MGA EPEKTO SA KAPALIGIRAN AT LIPUNAN AT MGA KAAKIBAT NA PAGTUGON

Binabalangkas ng bahaging ito ang mga inaasahang masamang epekto sa kapaligiran at lipunan dulot ng mga aktibidad ng proyekto. Binabalangkas ng Talahanayan 3 ang bawat potensyal na epekto sa kapaligiran, mga iminungkahing tugon sa mga ito, at ang nakatakdang partido na maniniguro na ang mga potensyal na epekto ay maiiwasan o mapagagaan. Ganoon din ang ginagawa ng Talahanayan 4 para sa mga potensyal na epekto sa lipunan.

4.1 Mga Tugon sa Masamang Epekto sa Kapaligiran

Bilang bahagi ng Bahagi (*Component*) 3: *Seaweed Value Chains*, ang mga *demonstration farm* ay ipapaloob sa mga balangkas ng pambansang *marine spatial plan* (MSP) sa mga sumusunod na lokasyon:

1. Zamboanga Peninsula, Pilipinas:
 - a. Magdaup, Ipil, Zamboanga Sibugay
 - b. Buenavista, Zamboanga City

Ang mga taniman ay magpapalago ng *Kappaphycus* spp. (*offshore*) at *Eucheuma denticulatum* (sa *circular marine fish cage* na binago para sa pagkukultura ng halamang-dagat).

2. Green Island, Roxas, Palawan, Philippines: ang mga taniman ay magpapalago ng *Kappaphycus* spp. (*offshore*) at *Eucheuma denticulatum* (maaaring pag-isipan ang paggamit ng *tubular net*).

Kung walang mitigasyon o gawaing magpapagaan ng mga negatibong epekto, inaasahang ang mga aktibidad na ito ay maaaring magdulot ng sunod-sunod na masamang epekto sa kapaligiran, mula sa posibilidad ng pagkakahuli ng mga pawikan sa lambat at pagkasira ng mga bahura (*coral reef*), hanggang sa pagkakaroon ng pagkagamabala mula sa konstruksiyon tulad ng ingay at alikabok. Ang lahat ng natukoy na panganib gayundin ang mga hakbang upang maibsan ang mga ito ay inilarawan sa talahanayan sa ibaba (tingnan ang Talahanayan 3).

Talahanayan 3. Inaasahang Mga Epekto sa Kapaligiran at Mga Panukala sa Pagtugon

Potensyal na epekto	Iminungkahing mga hakbang sa pagpapagaan	Responsableng partido
<i>Bahagi 3: Pagtatatag at pagpapatakbo ng mga "demonstration farm"</i>		
<p><i>Mga panganib sa panahon:</i> masamang kondisyon ng panahon (hal., bagyo, tag-ulan), mataas na alon, at pagbabago ng temperatura ng dagat na maaaring makapinsala sa paglaki ng halamang-dagat.</p>	<p>Ang proyekto ay gagamit ng mga semilyang pananim (<i>cultivars</i>) nkakayanin ang mga pagbabago sa temperatura, lalo na ang pagtaas ng temperatura ng tubig.</p> <p>Ang panahon ng mga pananim ay patitibayin ng lokal na kaalaman at pangmatagalang pagtataya sa panahon upang maiwasan ang mga buwan kung kailan nangyayari ang mga bagyo o tag-ulan.</p> <p>Ang proyekto ay gagamit ng isang sistema ng pagpapatubo at mga istruktura na nagbibigay ng proteksyon sa pananim mula sa malakas na hangin at maalon na karagatan.</p> <p>Ang proyekto ay itatakda sa mga lugar na may sapat na proteksyon mula sa malakas na hangin at agos ng dagat.</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards /Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>
<p><i>Pagkahuli sa mga lambat ng mga pawikan at dugong:</i> ang pagtatanim ng halamang-dagat ay nakakatulung sa pagpapabuti ng natural na tirahan at maaaring makaakit sa mga pawikan dugong, at iba pang mga nilalang sa dagat na nanganganib nang mawala, patungo sa mga lugar ng mga taniman, na maaaring magresulta sa pagkakahuli ng mga ito sa lambat ng mga nagtatanim.</p>	<p>Ang mga mangagawa sa lokasyon (<i>field personnel</i>) ay aatasan na regular na inspeksyunin ang taniman at palayain ang anumang dugong o pawikan na makikitang nahuli sa mga lubid.</p> <p>Isasagawa ang pagpapataas ng kamalayan ng mga nagtatanim upang matiyak na lubos silang pamilyar sa mga kaugnay na batas at alituntunin na nagpoprotekta sa mga maybuhay sa dagat. Kabilang dito ang pagpapakalat ng mga larawan ng mga <i>endangered species</i>, mga biswal o nakikitang mga materyal na nagbibigay ng may-katurang impormasyon tungkol sa legal na katayuan ng mga <i>species</i>, at iba pa.</p> <p>Ang mga taniman ay pipiliin mula sa mga lokasyon na walang natatagpuang mga pawikan.</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>

<p><i>Mga panganib mula sa kemikal</i> tulad ng polusyon mula sa mga <i>agricultural</i> at <i>domestic runoff, oil spill</i>, hindi angkop na mga nasukat na kalidad ng tubig (<i>water parameters</i>) sa mga lugar ng pagpapalago na dahilan upang hindi maging angkop ang lugar para sa isang <i>seaweed demonstration farm</i>.</p>	<p>Ang mga napiling lugar ay nasa lokasyon na hindi bukas at apektado sa mabibigat na <i>runoff</i> mula sa mga pang-lupang gawain at may sapat na kemikal at <i>dissolved oxygen content</i>.</p> <p>Ang mga malayo sa pampang at mas malalim na tubig ay karaniwang ligtas mula sa mga inilalabas na dumi ng mga industriya, agrikultura, at ng mga kabahayan, at mas may tamang antas ng oxygen (<i>well oxygenated</i>).</p> <p>Kinumpirma rin ng mga konsultasyon na ang mga lugar ay itinalaga lamang para sa pagtanim ng halamang-dagat at nasa labas ng mga ruta ng nabigasyon para sa mga sasakyang pangingsida at transportasyon.</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards /Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>
<p><i>Polusyon</i>: Habang ang mismong pagtanim ng seaweed ay hindi nagdudulot ng polusyon, ang ilan sa mga materyales sa pagtatali ay gawa sa plastik, na maaaring makalas at mapunta sa karagatan.</p>	<p>Sisiguraduhin na bahagi ng mga dokumento sa pagsagawa ng <i>bidding</i> ang tamang mga materyales na gagamitin bilang mga lubid at nang maiwasan ang polusyon.</p> <p>Isasagawa ang pagpapataas ng kamalayan sa mga nagtanim tungkol sa naaangkop na paggamit ng mga lubid at kung paano maiwasan ang polusyon.</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>
<p><i>Mga biyolohikal na panganib</i> tulad ng mga peste, <i>grazer</i>, at <i>predator, endo- at epiphytes</i>, at mga sakit ay nakaaapekto sa paglaki ng mga pananim ng mga <i>demonstration crop</i>. Ang <i>red tide</i> ay isa sa mga pangunahing panganib sa bagay na ito.</p>	<p>Pinipili ang mga lokasyon na magdudulot lamang ng kaunting panganib mula sa mga salik na nabanggit; ang mas malalim at malalyong bahagi ng karagatan ay karaniwang mas ligtas sa <i>epiphyte</i> at <i>endophyte infestation</i>.</p> <p>Ang mga materyales sa pagtanim na lumalaban sa sakit ang gagamitin para sa <i>demonstration crop</i> (tulad ng nabanggit sa itaas, nakausap na ang mga maaaring magbigay ng ganitong mga de-kalidad na materyales).</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>
<p><i>Pinsala sa lokal na "fauna"</i>: ang hindi naaangkop na paglalagay ng mga taniman ay maaaring makapinsala sa</p>	<p>Ang mga taniman ay hindi ilalagay sa mga buhay na korales.</p> <p>Gagawa at magpapatupad ng mahigpit na <i>protocol</i> sa pagpili ng lokasyon ng mga taniman.</p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p>

<p>lokal na kahayupan, tulad ng mga <i>coral reef</i>.</p>	<p>Ang mga lokasyon ng mga taniman ay maingat na pipiliin upang maiwasan ang anumang pinsala sa lokal na <i>fauna</i></p>	<p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p>Safeguards/Gender/M&E Specialist para sa pagsubaybay</p>
<p>Bahagi 3: Mga maliliit na negosyo (mga gawaing konstruksyon sa pasilidad ng <i>hatchery</i>; ang operasyon ng pasilidad)</p>		
<p><i>Pagkagambala mula sa ingay:</i> Posibleng pagkagambala mula sa ingay na resulta ng paggamit ng panglabas na kagamitan at mga sasakyang ginagamit sa lugar ng konstruksiyon</p>	<p><i>Bago ang konstruksiyon:</i> ang mga kinakailangan upang limitahan ang polusyon mula sa ingay ay dapat isama sa mga dokumento sa <i>bidding</i>, bilang isang paunang kondisyon para sa pagpili ng kontratista</p> <p><i>Sa panahon ng konstruksiyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang kontrol sa antas ng ingay ay dapat isagawa bago magsimula ang mga aktibidad sa konstruksiyon; • Ang kagamitan ay dapat lagyan ng angkop na mga aparato para mabawasan ang ingay nito; • Ang gawaing konstruksyon ay hindi dapat pahintulutan sa gabi, at ang mga oras operasyon sa lokasyon ay dapat na limitado sa mga oras mula ala-7 ng umaga – ala-7 ng gabi; • Ang mga sasakyan na sobrang maiingay ay hindi dapat gamitin hangga't hindi naaayos ang mga ito; 	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>
<p><i>Kalidad ng hangin:</i> alikabok na dulot ng gawaing konstruksyon at posibleng mga emisyon mula sa mga sasakyan</p>	<p><i>Bago ang konstruksiyon:</i> ang mga kinakailangan upang limitahan ang mga emisyon ay dapat isama sa mga dokumento sa <i>bidding</i>, bilang isang paunang kondisyon para sa pagpili ng kontratista</p> <p><i>Sa panahon ng konstruksiyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang lugar ng konstruksiyon, mga ruta ng transportasyon, at mga lugar ng paglalagyan ng mga materyales ay dapat na-<i>spray</i> ng tubig sa mga araw na tuyo at mahangin ang panahon; • Ang mga materyales sa konstruksyon ay dapat na nakaimbak sa angkop at natatakpan na mga lugar upang mabawasan ang alikabok; 	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>

	<ul style="list-style-type: none"> • Bago payagan ang mga sasakyan sa lugar, magsagawa ng fitness at emission test ng sasakyan; • Ang mga nilalagay sa mga sasakyan na maaaring magdulot ng alikabok ay kailangang takpan; • Ang mga manggagawa ay dapat magsuot ng mga <i>face mask</i> bilang proteksiyon kapag may alikabok; • Ang bilis ng sasakyan ay dapat limitado sa loob ng lugar ng konstruksyon; • Ang regular na pagpapanatili sa tamang kalagayan ng mga sasakyan at makinarya sa konstruksyon ay dapat gawin upang mabawasan ang anumang pagtagas ng mga langis ng motor, mga emisyon, at pagpapakalat ng polusyon; • Pinagbabawal ang pagsunog ng mga <i>debris</i> mula sa <i>ground clearance</i>. 	
<p>Basura: pagdami ng basura mula sa gawaing konstruksyon pati na rin sa pagpapatakbo ng pasilidad</p>	<p><i>Bago ang konstruksyon:</i> ang mga kinakailangan para sa naaangkop na pamamahala ng basura ay dapat isama sa mga dokumento sa <i>bidding</i>, bilang isang paunang kondisyon para sa pagpili ng kontratista</p> <p><i>Sa panahon ng konstruksyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa iba't ibang uri ng basura mula sa lugar ng proyekto (lupa, aspalto, pagkain, at iba pa); • Siguraduhin na ang mga kampo ay matatagpuan malayo sa mga batis, ilog, o mga pinagmumulan ng tubig, at walang mga ilalabas na dumi (<i>discharge</i>) mula sa mga kampo ang mapupunta sa mga anyong tubig; • Bibigyan ng mga wastong lalagyan/basurahan ang lugar kung nasaan ang proyekto; • Ang pagtatapon ng basura sa mga gilid ng kalsada, sa pribadong lupain, o sa iba pang hindi itinalagang lugar ay dapat na ipagbawal; • Ang pagtatapon ng basura ay ipinagbabawal sa mga marupok na dalisdis, kagubatan, relihiyoso o iba pang mga lugar na sensitibo sa kultura o mga lugar na pinagmumulan ng kabuhayan; • Ang koleksyon, transportasyon, at panghuling pagtatapon ng lahat ng basura ay dapat gawin nang regular (lingguhan) • Ang mga posibleng mapanganib na basura (mga langis ng motor, krudo ng sasakyan, at iba pa) ay dapat na kolektahin nang hiwalay ng 	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>

	<p>awtorisadong kolektor at <i>transporter</i> na dapat may <i>sub-contract</i> para gawaing ito;</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang lahat ng mga materyales sa konstruksiyon ay dapat natatakpan habang binabyahe upang maiwasan ang pagkalat ng basura; • Dapat isaalang-alang ang mga opsyon para sa muling paggamit/pag-<i>recycle</i> ng resulta ng mga daloy ng basura (hal. hinukay na lupa, at iba pa); • Ang pagsunog ng basura sa konstruksiyon ay dapat ipagbawal. <p><i>Pagkatapos ng konstruksiyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang lahat ng basura ay dapat alisin sa lugar ng proyekto. <p><i>Sa operasyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Maglagay ng mga basurahan sa pasilidad • Huwag itapon and basura sa labas ng pasilidad • Ang basura ay dapat na regular na kinokolekta (hindi bababa sa isang beses sa isang linggo) 	
<p><i>Kalidad ng tubig:</i> maaaring mangyari ang kontaminasyon ng mga lokal na pinagkukunan ng tubig dahil sa <i>wastewater</i> at dumi sa alkantarilya mula sa mga lugar ng konstruksiyon</p>	<p><i>Bago ang konstruksiyon:</i> ang mga kinakailangan para sa naaangkop na mga hakbang upang maiwasan ang kontaminasyon ng tubig ay dapat isama sa mga dokumento sa <i>bidding</i>, bilang isang paunang kondisyon para sa pagpili ng kontratista.</p> <p><i>Sa panahon ng konstruksiyon:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Dapat magkaroon ng <i>environment-friendly</i> na palikuran (hal., <i>pit toilet</i>) at mga pasilidad sa paglalaba, na gawa mula sa mga lokal na materyales • Ang pagdumi sa paligid ng mga lugar ng proyekto ay dapat na ipagbawal • Dapat ipagbawal ang pagtatapon ng basura sa mga pinagmumulan ng tubig • Ang mga posibleng mapanganib na basura (mga langis ng motor, krudo ng sasakyan, <i>lubricants</i>) ay dapat na kolektahin nang hiwalay at awtorisadong grupo ang dapat na nagdadala at nagtatapon ng mga mapanganib na basura; <p><i>Pagkatapos ng konstruksiyon:</i></p>	<p><i>Technician</i> ng proyekto para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para sa pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsubaybay</p>

	<ul style="list-style-type: none">• Ang mga <i>pit toilet</i> ay bubuwagin at ang mga hukay ay tatakpan• Ang lahat ng basura ay <i>tatangalin</i> mula sa lugar ng proyekto	
--	--	--

4.3 Masamang Epekto sa Lipunan at Mga Tugon Dito

Habang ang mga aktibidad ng proyekto ay naglalayong palakasin ang pangmatagalang kabuhayan ng mga lokal na komunidad, maaari rin itong magdulot ng ilang masamang epekto sa lipunan. Halimbawa, kung walang mga gawain para sa pagpapababa ng negatibong epekto, ang mga panlipunang tensyon at mga alitan sa paggamit ng lupa ay maaaring lumitaw mula sa Bahagi (*Component*) 2, dahil ang *development map* na partikular sa mga lugar ay maaaring makabuti sa ilang miyembro ng komunidad at makasama sa iba. Sa katulad na pagkakataon, ang mga *demonstration farm* na iminumungkahi ng Bahagi (*Component*) 3 ay maaaring makabuo ng di pagkakapantay-pantay sa kapangyarihan at tunggalian ng mga mangingisda, at maaring maglantad sa mga lokal na miyembro ng komunidad sa iba't ibang panganib sa kalusugan.

Ang lahat ng natukoy na panganib gayundin ang mga hakbang sa pagpapagaan na iminumungkahi upang maibsan ang mga ito ay inilarawan sa talahanayan sa ibaba (tingnan ang Talahanayan 4).

Talahanayan 4. Inaasahang mga Epektong Panlipunan at mga Hakbang para sa Mitigasyon

Potensiyal na epekto	Mga panukalang hakbang para sa mitigasyon	Responsableng partido
1. Mga pagbabago sa kasalukuyang pagpasok o pag-abot, at karapatan sa paggamit ng mga likas na yaman at kabuhayan sa mga lugar ng proyekto	Ang <i>Process Framework</i> (Seksyon 4.5) ay nagdedetalye ng mga hakbang para sa pagpapagaan ng negatibong epekto.	<i>Project technician</i> para sa pagpapatupad Mga piling kontratista para pagpapatupad <i>Safeguards/Gender Specialist</i> para sa pagsusubaybay
2. Mga panlipunang tensiyon mula sa pagbubuo ng mga plano sa mga partikular na lugar: may mga miyembro ng komunidad na maaaring higit na makikinabang mula sa <i>site-specific development maps</i> na magbibigay sa kanila ng karapatang makilahok sa mga aktibidad ng proyekto, samantalang ang iba ay maaaring mapag-iwanan. Ang mga madaling maapektuhan na miyembro ng komunidad ay maaaring lalo pang mapag-iwanan.	Ang pagbubuo ng mga plano na partikular sa isang lugar ay gagawin sa pamamaraang may pakikipag-ugnayan, sa pamamagitan ng mga konsultasyon sa komunidad na i-organisa ng mga propesyonal na tagapagpadaloy. Magkakaroon ng mga pagsisikap upang aktibong makalahok ang mga madaling maapektuhang miyembro ng komunidad. Ang mga nasa sektor ng akwakultura ng halamang-dagat at pangisdaan at iba pang mga sektor ay kinakailangang makilahok. Ang mga detalyadong aktibidad na may pakikipag-ugnayan sa komunidad ay nakasaad sa <i>Stakeholders Engagement Plan</i> .	<i>Project technician</i> para sa pagpapatupad Mga piling kontratista para pagpapatupad <i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay
3. Mga pamantayan para sa pagsapi sa mga kooperatiba: tanging ang mga miyembro ng kooperatiba ang maaaring direktang magbenepisyo mula sa mga aktibidad ng proyekto. Bagama't ang pagiging miyembro ay magiging bukas sa lahat ng mga miyembro ng komunidad, maaaring hindi na pagbayarin ng <i>membership fees</i> ang mga kabahayang	Ang pagiging miyembro at pangangasiwa ng kooperatiba ay papatnubayan ng <i>Philippine Cooperative Code of 2008</i> (RA9520). Ang mga madaling maapektuhang miyembro ng komunidad (mga sambahayan na pinamumunuan ng kababaihan, mga maykapansanan, mga balo, nakatatanda, kabataan) ay bibigyang prayoridad para sa pagsapi sa kooperatiba. Ang mga miyembro ng kooperatiba na hindi makapagbibigay ng naitakdang bayad dahil sa pang-ekonomiyang kalagayan ng kanilang kabahayan ay	Project technician para sa pagpapatupad Mga piling kontratista para pagpapatupad <i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay

<p>madaling maapektuhan at ang bilang ng mga sambahayang sasapi ay maaaring maging limitado, at magpapaliit sa bilang ng mga benepisyaryo.</p>	<p>susuportahan ng proyekto at tatanggap ng subsidyo sa kanilang <i>membership fees</i>.</p>	
<p>4. Asimetriya sa kapangyarihan: Ang mga aktibidad sa proyekto ay maaaring magresulta sa asimetriya o hindi pantay na kapangyarihan sa komunidad kung saan ang mga miyembrong mas may kapangyarihan ay may posibilidad na kunin para sa kanilang sarili ang mahahalagang papel sa at mga benepisy mula sa proyekto, habang naisasantabi ang mga mas madaling maapektuhang miyembro ng komunidad.</p>	<p>Sa mga organisadong grupo na propesyonal na pinangangasiwaan, ang probabilidad ng pag-usbong ng peligrong ito ay magiging mababa. Ang proyekto ay makikipag-ugnayan at magbibigay ng mga oportunidad para sa makabuluhang pakikilahok ng lahat ng mga miyembro ng komunidad.</p>	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad Mga piling kontratista para pagpapatupad <i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>
<p>5.Di-pagkakasundo sa mga mangingisda at ng lokal na komunidad: ang <i>demonstration farm</i> ay maaaring magambala ng mga bangka ng ilang mangingisda, at ang mga pananim ay maaaring nakawin ng ilang mga lokal na miyembro ng komunidad.</p>	<p>Ang Proyekto ay sumangguni sa mga Lokal na Pamahalaan at mga lokal na komunidad, upang makakuha ng impormasyon at kasiguruhan – suportado ng mga lokal na regulasyon – na ang lugar ng proyekto ay hindi humahadlang sa paglalayag at hindi pumipigil sa pangngisda sa mga lugar na pangisdaan.</p> <p>Ang regular na pagpapatrolya ng mga nagtatanim ay isasagawa upang masiguro ang kaligtasan at seguridad ng <i>demonstration farm</i>. Ang detalyadong mga panuntunan para sa pagpapatrolya ay kailangang buuin sa pakikipagtulungan sa mga nagtatanim at sa mga lokal na komunidad.</p> <p>Bubuo ng isang plano para sa pamamahala ng lugar na taglay ang mahuhusay na gawi sa pangangasiwa at mga panuntunang pangkaligtasan para sa natukoy na seaweed farm site upang maiwasan ang mga negatibong epekto ng pamamalakad ng taniman sa kapaligiran, gayundin sa iba pang gumagamit ng katulad na <i>marine landscape</i>.</p>	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad Mga piling kontratista para pagpapatupad <i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>

	Ang mga awtoridad ng proyekto ay mahigpit na susubaybayan ang mga aktibidad upang masiguro na hindi lumaki ang mga kadahilanan ng hindi pagkakasundo.	
6. Di Pagsangkot at Pagsantabi ng Kababaihan: ang mga aktibidad ng proyekto ay maaaring magresulta sa potensiyal na pagsasantabi sa kababaihan, kahit sa paglilinang at pag-aani ng pananim, dahil sila ay mas mahihirapan sa pag-punta sa mga lugar na malayo sa pampang, o sa mas malalim na lugar-taniman para sa mga halamang-dagat (na nagbibigay ng mas malaking peligro) kaysa kasalukuyang mga tanimang malapit sa pampang, mas mababaw at karaniwan ay hanggang dibdib lamang ang lalim.	<p>Kasama sa proyekto ang iba't ibang mga aktibidad upang masuportahan ang pagnenegosyo ng kababaihan sa mga lugar ng proyekto. Kabilang dito ang pagtatatag at pagpapatakbo ng maliliit na negosyo na pamamahalaan ng isang organisadong grupo ng mga kababaihan, at isang programa ng pagsasanay para sa mga lokal na kababaihan ukol sa <i>e-commerce platforms</i>, pati na ang pagbubuo ng <i>e-retail site</i>, <i>online marketing</i>, at iba pa.</p> <p>Ang mga karagdagang hakbang para masuportahan ang pakikilahok ng mga kababaihan ay nakasaad sa <i>Gender Action Plan</i>, na kasama sa dokumento ng proyekto.</p>	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p> <p>Safeguards/Gender/M&E Specialist para sa pagsusubaybay</p>
7. Batang manggagawa: nakagawian na sa kultura na ang mga bata ay tumutulong sa kanilang mga magulang sa mga aktibidad ng pagtatanim sa pampang.	Ang project team ay magsasagawa ng pagpapataas ng kamalayan sa mga lokal na nagtatanim upang maipaliwanag ang mga panganib ng paggawa para sa mga bata, at matiyak na walang batang masangkot sa anumang trabahong may kinalaman sa proyekto.	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>
8. Pagkawala ng trabaho ng mga kolektor ng halamang-dagat na resulta ng mga pagbabago sa supply chain: Ang tungkulin ng mga kolektor ay magiging lipas na dahil sa mga aktibidad ng proyekto kung saan ang mga nagtatanim	Layon ng koponan ng proyekto (<i>project team</i>) na maisama ang mga kolektor ng halamang dagat sa mga aktibidad ng proyekto at tulungan silang gumana ng mga bagong tungkulin bilang bahagi ng <i>seaweed supply chain</i> (hal., bilang bahagi ng kooperatiba, pasilidad sa pagproseso, at iba pa).	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p>

<p>ay direktang konektado na sa mga pasilidad sa pagproseso, na magreresulta sa pagkawala ng trabaho para sa ilang mga lokal na residente.</p>		<p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>
<p>8. Mga hamong kulutural: Ang paghahatid ng proyektong hindi angkop sa kultura ay maaaring makahadlang sa samahan at sa panlipunang pagtanggap ng komunidad sa proyekto.</p>	<p>Ang project team ay makikipagtulungan sa mga tagapagpadaloy (<i>facilitator</i>) sa lokal na komunidad, <i>opinion leaders</i> at mga organisadong grupo ng nagtanim at mga kababaihan, ang proyekto 1) ay sisiguruhing masusunod ang mga angkop na <i>protocol</i>, hindi sirain ang lokal na kultura at mga tradisyon; at (2) maging sensitibo sa mga lokal na isyu na may potensiyal na maging mga suliranin, at magplano at magsagawa ng mga paraan upang masolusyunan ang mga ito bago pa mauwi sa isang salungatang panlipunan.</p>	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>
<p>9. Kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa bilang resulta ng <i>occupational hazards</i> sa pagtatatag ng <i>demonstration farms</i>, patrabaho sa konstruksiyon at pasilidad na pangitlulan o <i>hatchery facility</i>, pati na ang operasyon ng pasilidad.</p>	<p>Ang <i>project technicians</i> at mga kontraktor na tagapagpatupad ay magbibigay ng ligtas at maginhawang lugar-trabahuhan, at may pagsasaalang-alang sa peligrong pisikal, kemikal, o biyolohikal na maaaring likas sa mga aktibidad ng proyekto—lalo na sa lugar na malayo sa pampang. Magsasagawa rin ng mga hakbang upang mapigilan ang mga aksidente, pinsala, at pagkakasakit na mula sa, may kaugnayan sa, o mangyayari habang patuloy ang trabaho, sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga dahilan ng peligro. Sa paraang naaayon sa mahusay na <i>industry practice</i> na tanggap sa buong mundo, ang kontraktor na tapagpatupad ay (i) tutukoy ng potensiyal na mga peligro na maaaring kaharapin ng mga manggagawa, lalo sa mga peligrong may banta sa buhay; (ii) magbigay ng hakbang na maaaring pumigil o magprotekta, kabilang ang modipikasyon, pagpapalit, o pagwaksi sa mga peligrong kondisyon o sangkap sa produksyon; (iii) magsanay ng mga manggagawa nang naayon sa kinakailangan; (iv) magdokumento at mag-ulat ng mga aksidente sa trabaho, mga sakit, at mga insidente; at (v) magsagawa ng <i>emergency prevention</i>, paghahanda, at pagtugon.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Masiguro ang regular na pagsuri ng kalusugan ng mga manggagawa bago at habang isinasagawa ang mga aktibidad sa konstruksiyon 	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>

	<ul style="list-style-type: none"> • Masiguro na walang masasangkot na mga batang manggagawa o hindi husto ang gulang • Masiguro ang maayos na kondisyon sa trabaho, pati na ang angkop na suweldo, oras ng trabaho, tirahan at pagkain ay ibibigay sa lahat ng mga manggagawa • Masiguro na ang mga manggagawa ay nagtatrabaho sa patnubay ng prinsipyo ng pantay na oportunidad at patas na pagtrato, at walang diskriminasyon sa anumang aspekto ng empleo, tulad ng pagrekrut at pagkuha ng manggagawa, pasahod (kabilang ang mga kikitain at mga benepisyo), kondisyon sa trabaho at mga nakatakdang tuntunin sa empleo, oportunidad sa pagsasanay na madaling makuha, <i>job assignment</i>, promosyon, pagtatapos ng empleo o pagretiro, at <i>disciplinary practices</i> • Magpatupad ng mekanismo sa mga hinaing ng mga manggagawa (at kanilang organisasyon, kung nasaan man sila) upang maidulog ang mga alalahanin sa lugar ng trabaho <p>Ukol sa COVID-19, susundin at tatalima sa mga paalala ukol sa pag-iingat, agarang pangangailangan, at mga pang-unang hakbang ng WHO at ng pamahalaan ukol sa kalusugan. Ang mga ito ay ipagbibigay-alam sa lahat ng mga kawani at sa sinumang may personal na transaksyon sa kawani ng proyekto na may layong magkaroon ng magkatulad na pag-unawa at pagkakaintindi sa kahalagahan ng pagtatalima at ang mga benepisyo nito.</p>	
<p>10. Ang kalusugan at kaligtasan ng lokal komunidad bilang resulta ng <i>occupational hazards</i> habang itinatag ang <i>demonstration farms</i> at itinatayo ang pasilidad ng pangitluran.</p>	<p>Ang mga kontratista ng proyekto at mga tagapagpatupad ay magtatasa ng mga peligro at epekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga apektadong komunidad sa panahon ng implementasyon ng mga aktibidad ng proyekto, at magtatatag ng mga hakbang sa pag-iwas <i>preventive measures</i> upang matugunan ang mga ito sa paraang katumbas ng natukoy na mga peligro at epekto.</p> <p>Ang mga aktibidad ng proyekto ay pipigil sa masamang epekto ng kalidad at suplay ng tubig sa mga lokal na komunidad; masiguro ang kaligtasan ng imprastruktura at kagamitan ng kontruksyon; magpakilala ng mga</p>	<p><i>Project technician</i> para sa pagpapatupad</p> <p>Mga piling kontratista para pagpapatupad</p> <p><i>Safeguards/Gender/M&E Specialist</i> para sa pagsusubaybay</p>

	<p>mekanismong magpoprotekta para sa paggamit ng peligrosong materyales; at magsagawa ng lahat ng kinakailangang pang-unang paghahanda at mga hakbang sa pagtugon.</p> <p>Kabilang sa mga partikular na hakbang ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Masiguro ang kaligtasan ng lahat ng kagamitan na may kinalaman sa proyekto, alinsunod sa naunang nabanggit na kahingian; • Bawasan ang paggamit ng mga mapanganib na materyales, at masiguro na ang lahat ng mga miyembro ng komunidad ay hindi lantad sa mga ito. Sakaling kailangang gamitin ang mga naturang materyales, magbigay ng sapat na paalala sa mga lokal na miyembro ng komunidad at ipagbigay-alam sa kanila ang tungkol sa mga hakbang sa kaligtasan at proteksiyon; • Iwasan ang pagtapon ng basura o anumang magkokontamina sa mga pinagkukunan ng suplay ng tubig at kalidad ng tubig; • Magbigay ng impormasyon sa mga lokal na komunidad ukol sa mga aktibidad ng konstruksiyon at mga plano. <p>Ukol sa COVID-19, susundin at tatalima sa mga paalala ukol sa pag-iingat, agarang pangangailangan, at mga pang-unang hakbang ng WHO at ng pamahalaan ukol sa kalusugan. Ang mga ito ay ipagbibigay-alam sa lahat ng mga kawani at sa sinumang may personal na transaksyon sa kawani ng proyekto na may layong magkaroon ng magkatulad na pag-unawa at pagkakaintindi sa kahalagahan ng pagtalima at ang mga benepisyo nito.</p>	
--	--	--

4.4 Balangkas ng Proseso: Mga Panukala sa Pagpapanumbalik ng Kabuhayan

Ang pagbuo ng mga plano sa pamamahala ng partikular sa lugar na bahagi ng proyekto ay maaaring magresulta sa mga paghihigpit ng pagkuha ng ikabubuhay at ng mga likas na yaman para sa mga lokal na komunidad. Maaaring kabilang dito ang mga lokal na mangingisda na maaaring di na makapapasok sa mga lugar ng pangngisda; mga lokal na *small and medium enterprises* (SME) na nakikibahagi sa turismo, pagkultura ng yamang-dagat, pangngisda, nabigasyon, paggawa ng enerhiya, o iba pang uri ng negosyo; o ibang kasaping-grupo na ang kabuhayan ay maaaring maapektuhan ng mga aktibidad ng proyekto.

Anumang pagbabago ng paggamit ng lupa, paggamit ng dagat, o bagong sonasyon ay dapat na nakabatay sa malaya at nauna nang naipaalam na konsultasyon ng mga apektadong komunidad at angkop na awtoridad, na dapat isagawa bago ang anumang pagbabago sa paggamit.

Kung ang nakaplanong *spatial seaweed zonation* ay negatibong nakakaapekto sa mga mapagkukunan ng kita o iba pang uri ng kabuhayan ng mga apektadong komunidad, ang buo at napapanahong kabayaran ay ibibigay sa lahat ng apektadong indibidwal, anuman ang kanilang hawak na pormal na titulo ng lupa. Ang lahat ng apektadong komunidad at kabahayan sa paligid ng mga lugar na sinusuportahan ng proyekto ay bibigyan ng mga pagkakataon upang maibalik ang kanilang mga kabuhayan sa mga antas bago ang proyekto.

Ang suportang may kaugnayan sa kabuhayan sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto ay ipagkakaloob sa mga sambahayan (HH) ng lahat ng komunidad na naapektuhan ng mga paghihigpit na dulot ng proyekto sa paggamit sa mga likas at pang-komunidad na yaman sa loob ng mga target na lugar. Ang prosesong ito ay isasaayos sa sumusunod na paraan:

- “Screening”

Ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR, na may mga teknikal na input mula sa *Project Technicians*, ay magsasagawa ng *screening* ng lahat ng nakaplanong aktibidad para sa malamang na mga paghihigpit sa pagpasok o paggamit sa mga lokal na komunidad. Kabilang dito ang parehong mga komunidad na naninirahan sa mga lugar na apektado ng proyekto, at mga indibidwal na maaaring kulang sa titulo.

- *Pagtatasa ng lipunan*

Kung kinumpirma at matukoy ng *screening* ang mga apektadong HH dahil sa paghihigpit sa paggamit sa mga likas na yaman, isang proseso ng *social assessment* (SA) batay sa mga partisipasyong konsultasyon sa mga apektadong tao ay isasagawa. Susuriin ng SA ang mga potensyal na epekto at ang lawak ng paghihigpit sa paggamit o pag-abot sa mga likas yaman kasama ang angkop na mga hakbang sa pagtugon at pagpapahusay kabilang ang mga opsyon para sa alternatibong paggamit o pag-abot sa mga katulad na yaman.

- *Mga Plano sa Pagpapanumbalik ng Kabuhayan*

Batay sa mga natuklasan ng *screening* at *social assessment*, kung ang mga kabuhayan ay negatibong maapektuhan ng mga aktibidad ng proyekto, isang action plan na kilala bilang *Livelihood Restoration Plan* (LRP) ang ihahanda pagkatapos magsagawa ng karagdagang makabuluhang konsultasyon sa mga apektadong tao at kasaping grupo na magbigay ng pinasadyang suporta sa kabuhayan at pagbabahagi ng benepisyo para sa mga apektadong tao, grupo, at komunidad.

- *Mga hakbang sa pagpapagaan bilang bahagi ng mga LRP*

Ang may partisipasyon at inklusibong konsultasyon ay dapat isagawa sa mga apektadong komunidad, indibidwal, at kasaping grupo upang magkasundo sa paglalaan ng mga alternatibong kabuhayan. Ang

mga pamantayan para maging karapat-dapat ay dapat itatag ayon sa mga patnubay na ibinigay sa Seksyon 5.7 Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng ESMF/PF.

Ang mga alternatibong pamamaraan ng kabuhayan ay dapat na talakayin, napagkasunduan, at ibigay sa mga apektadong tao/grupo. Ang mga opsyon sa kabuhayan na itatayo ay ibabatay sa mga tradisyunal na kasanayan, kaalaman, at kultura/pandaigdig na pananaw ng mga apektadong tao at grupo.

Ang mga apektadong tao ay dapat bigyan ng suportang pangkabuhayan na may kaugnayan sa proyekto at iba pang mga pagkakataon bilang bahagi ng mga nakaplanong aktibidad sa proyekto. Maaring kabilang dito ang mga aktibidad na ipinatupad bilang bahagi ng mga sumusunod na resulta:

- Kinalabasan (*Outcome*) 3.1: Mga pinahusay na teknolohiya at pagsubok para sa mga seaweed value chain
- Kinalabasan (*Outcome*) 3.2: Pagbuo ng mga benepisyong mula sa akwakultura ng halamang-dagat para sa mga target na komunidad

Ang isang naabot at mahusay na mekanismo ng pagtugon sa karaingan ay dapat na maitatag at gawing talagang gumagana (tingnan ang Seksyon 5.9 ng ESMF /PF na ito).

Upang maipatupad and anumang mga iminungkahing hakbang, dapat makipag-ugnayan sa mga taong apektado ng proyekto upang matiyak na ang mga ito ay ay ganap na sumasalamin sa kanilang mga pangangailangan at priyoridad.

- *Kabayaran*

Kung sakaling magbigay ng kabayaran, ito ay kalkulahan batay sa kapalit na halaga ng mga kabuhayang ito (pang-ekonomiyang halaga sa pamilihan kasama ang anumang mga kapalit na gastos) ng *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR. Sa mga kaso kung saan ang kabayaran ay binubuo ng paglalaan ng mga alternatibong mapagkukunan (hal., mga alternatibong lugar ng pangangisda), kasama sa mga hakbang ang pagkilala sa mga mapagkukunang ito na may aktibong pakikilahok ng mga apektadong tao/komunidad at tulong upang ma-access ang mga mapagkukunang ito. Ang mga detalyadong pamamaraan kung paano dapat kalkulahan at igawad ang kompensasyon ay dapat ibigay sa bawat LRP na partikular sa lugar ng proyekto batay sa mga lokal na kondisyon.

5. MGA KASUNDUAN SA PAGPAPATUPAD

Nililista ng bahaging ito ng buong ESMF ang mga ipinagbabawal na aktibidad ng proyekto at detalye ng mga institusyonal na kasunduan (*institutional arrangements*), tungkulin at responsibilidad ng mga kasaping-grupo, at iba pang kasamang partido. Ang pakikipag-ugnayan sa komunidad at ang pagsama ng mga katutubong grupo at mga taong madaling maapektuhan ay mahalagang bahagi ng seksyong ito, na ginagawang malinaw ang mga responsibilidad para sa pagpapatupad ng proyekto habang tinitiyak na ang lahat ng mga grupo, lalo na ang mga taong apektado ng proyekto at mga grupong madaling maapektuhan, ay kinakatawan.

5.1. Mga Pamamaraan para sa Pagkilala at Pamamahala ng mga Epekto sa Kapaligiran at Lipunan

Ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* at BFAR ang magbibigay ng mga detalye tungkol sa bawat aktibidad ng proyekto sa antas ng Gawain ng ESS *Screening* at, kung ang aktibidad ay nabibilang sa isa sa mga hindi kasamang kategorya, ito ay ituring na hindi karapat-dapat para sa pagpopondo sa ilalim ng Proyekto. Ang mga kabahaging partido sa pagpapatupad ay kinakailangan na baguhin ang

uri o lokasyon ng iminungkahing aktibidad upang makasunod ito sa lahat ng mga kinakailangan sa pag-iingat.

Ang mga kabahaging partido sa pagpapatupad ay dapat tumugon sa mga partikular na tanong sa Bahagi 3 ng form, magbigay ng mga pangkalahatang konklusyon patungkol sa mga pangunahing epekto sa kapaligiran at lipunan ng bawat iminungkahing aktibidad, balangkasin ang mga kinakailangang permit o clearance, at tukuyin ang anumang karagdagang mga pagtatasa o mga dokumento sa pag-iingat (hal, ESMP) ang dapat ihanda. Kung ang proseso ng *screening* ay nagpapahiwatig na may mga karagdagang pagtatasa o mga dokumento ng pag-iingat na dapat ihanda, ang mga ito ay dapat na isagawa ng mga kasosyo sa pagpapatupad bago magsimula ang mga aktibidad.

Kung ang screening ay nagpapakita ng masamang epekto sa kapaligiran o panlipunan na maaaring maging dulot ng nakaplanong aktibidad, dapat maghanda ng isang ESMP. Ang ESMP ay dapat ihanda ng *Safeguards/Gender/M&E Specialist* at BFAR, sa pakikipagtulungan ng *Project Technicians*.

5.2. Mga Alituntunin para sa Pagpapaunlad ng ESMP

Kung sakaling matukoy ng proseso ng Environmental and Social screening ang anumang masamang epekto sa kapaligiran o panlipunan bilang resulta ng mga partikular na aktibidad ng proyekto, ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa pakikipagtulungan ng *Project Technicians* ay dapat bumuo ng isang ESMP na partikular sa lugar ng proyekto at aktibidad bago magsimula ang mga aktibidad. Dapat ilarawan ng ESMP ang masamang epekto sa kapaligiran at panlipunan na inaasahang magaganap bilang resulta ng partikular na aktibidad ng proyekto, magbalangkas ng mga kongkretong hakbang na dapat gawin upang maiwasan o mabawasan ang mga epektong ito, at tukuyin ang mga kaayusan sa pagpapatupad para sa pangangasiwa ng mga hakbang na ito.

5.3. Mga Tungkulin at Responsibilidad ng mga Kasaping-Grupo sa Pagpapatupad ng ESMF

(a) Pangkalahatan

Kabilang ang mga sumusunod para sa institusyonal na pagsasaayos ng pagpapatupad ng proyekto: ang WWF bilang ahensiya ng GEF, ang Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) bilang pangunahing ahensiya na tagapagpatupad sa rehiyon (ang Secretariat nito sa Bangkok, Thailand ang magiging tagapagpadaloy ng Project Management Unit), ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) of the Philippines at ang Directorate of Fisheries (D-fish) of Viet Nam bilang magkatuwang sa pagsasagawa ng proyekto sa Pilipinas at Vietnam, at ang Project Steering Committee.

(b) Pagpapatupad ng mga Pananggalang

Ang mga partikular na pagsasaayos at pagbabalangkas ng mga responsibilidad na may kaugnayan sa pagpapatupad ng mga pangangailangang pangkapaligiran at panlipunang pananggalang, na nakasaad sa ESMP/PF na ito ay ang mga sumusunod:

Pangunahing ahensiyang tagapagpatupad (SEAFDEC):

- Pangkalahatang tungkulin para masiguro na naipatutupad ang mga pangkapaligirang pananggalang.

Project Steering Committee:

- Pangkalahatang pangangasiwa at pagsusubaybay ng pagtalima sa mga pinangakuang pananggalang.
- Kung kinakailangan, suporta at partikular na mga rekomendasyon sa mga pananggalang na isyu.

WWF GEF Agency:

- Pangkalahatang pangangasiwa at pagsusubaybay ng pagtalima sa mga pinangakuang pananggalang.
- Kung kinakailangan, suporta at partikular na mga rekomendasyon sa mga pananggalang na isyu.

BFAR PMU:

- Pagtitiyak na kabilang sa mga dokumento at kontrata sa proseso ng *bidding* ang anumang mahalagang probisyon o kondisyon na may kaugnayan sa pangkapaligiran at panlipunang pananggalang na nakatakda sa ESMF na ito. Lalong mahalaga na maisama sa mga dokumento sa pag-bid ang mga kahingian na patungkol sa *occupational health* at kaligtasan.
- Pagpapatupad at pangangasiwa ng ESMF at iba pang mga planong pananggalang;
- Pangkalahatang tungkulin sa pagpapatakbo ng mekanismo sa pagtugon sa mga hinaing o *grievance redress mechanism* para sa mga aktibidad sa Pilipinas.

Safeguards/Gender/M&E Specialist (*Gender Specialist*) sa BFAR PMU:

- Pangkalahatang pangangasiwa at pagsusubaybay ng pagtalima sa ESMF *Safeguards* at iba pang nakasamang mga dokumento sa ulat na ito;
- Pagsala sa lahat ng mga aktibidad ng proyekto upang matukoy ang panlipunan at pangkapaligiran na mga epekto nito;
- Pagtulong sa paghahanda ng mga partikular sa lugar na ESMPs na kakailanganin;
- Pagsagawa ng kinakailangang pulong para sa konsultasyon kasama ang mga lokal na kasaping-grupo, at pagpapabatid at pagbibigay sa kanila ng pinakahuling impormasyon ukol sa mga aktibidad para sa pagpapaunlad ng proyekto;
- Pag-ulat sa PMU *Project Manager* at sa SEAFDEC ukol sa pagpapatupad ng mga pananggalang at pagtalima sa mga ito;
- Pagtiyak na ang pagsasangguni sa mga lokal na komunidad ay naisasagawa sa pamamaraang inklusibo at may partisipasyon, at maayos na nadodokumento;
- Pagsubaybay sa kalagayan ng pagpapatupad ng mga pananggalang, at pagtiyak na ang *sub-projects* ay naisasagawa ayon mahuhusay na mga gawi at panuntunan nakatakda sa ESMP;
- Pagtukoy at pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga kasaping-grupong sangkot sa mga isyu sa Proyekto na may kinalaman sa kapaligiran at lipunan;
- Pagpalakad sa *Grievance Redress Mechanism* (GRM) ng proyekto, kasama ang pagtatala at pag-uulat ukol sa mga hinaing na may kaugnayan sa proyekto, pagsubaybay sa kapasiyahan sa hinaing, at paglalapit ng *feedback loop* sa may karaingan.
- Pagsasagawa ng *field visits* bilang pangangailangan upang masubaybayan ang pagpapatupad ng mga aktibidad sa proyekto at ang pagtalima nito sa mga kinakailangang pananggalang;

5.4. Indigenous People Planning Framework (IPPF)

(a) IP Population of Project Sites

Palawan. Tukoy na isa sa mga katutubo sa Palawan, ang Cuyunon ang pinakamalaking grupong etniko na nakatira sa Green Island at sangkot din sa pagtanim ng halamang-dagat. Hindi katulad ng ilang mga grupong etniko, matagal na silang nakikisalamuha sa mga residente mula sa ibang mga munisipalidad sa Palawan at ngayon ay maayos nang nakikipamuhay sa mga komunidad at sa buong lalawigan.

Zamboanga. Ang Zamboanga Peninsula ay binubuo ng ilang mga grupong etniko at panrelihiyon. Kabilang dito ang limang mga tribong Muslim na Iyakan, Kalibugan, Tausog, Bangingi, at Sama Badjao, ang grupon Kristiyano (Subanen), at ilang grupong etniko (Sama (Bangingi + Sama Badjao)), Kalibugan, at Subanen) na itinuturing na mga katutubo. Ang isa pang grupong etniko na naninirahan sa lugar ay ang Bisaya, mga matagal nang naninirahan doon at maayos nang naninirahan sa komunidad. Walang nagaganap na labanan sa pagitan ng mga tribo, katutubo, at mga migrante.

(b) Mga Epekto ng Proyekto sa Katutubong Groups

Ang presensiya ng mga katutubo sa lugar ng mga proyekto ay nangangailangan ng panlipunang pagtatasa upang makakuha ng kinakailangang impormasyon ukol sa demograpiya at mga katangiang panlipunan, kultural, at politikal ng mga apektadong komunidad ng katutubo pati na ang mga lupain at teritoryong tradisyonal nilang pagmamay-ari o ginagamit o pinananahanan noon pa man, at ang mga likas na yamang kanilang inaasahan. Nagsagawa ng isang panlipunang pagtatasa bilang bahagi ng paghahanda ng dokumentasyon ng pananggalang, sa pamamagitan ng pagsasaliksik, pagdalaw sa lugar, at mga konsultasyon.

Dahil ang mga grupo ng katutubo ay ang pangunahing populasyon na bumubuo sa lugar ng proyekto, maaari silang magbenepisyo sa positibong epekto ng proyekto ngunit pati na rin ang potensiyal na mga masamang epekto nito. Base sa mga konsultasyon sa mga kasaping-grupo, walang grupo sa populasyon ng katutubo ang mapipinsala gayundin ang ibang mga grupong katutubo.

Ang introduksiyon ng mga teknolohiya na magdadagdag ng value, kasama ang pagpapalakas ng mga Gawain ng *seaweed value chains* na suportado ng proyekto ay magkakaroon ng pangmatagalang mga epekto sa kabuhayan ng lokal na mga komunidad ng IP at makalikas-kayang pangangasiwa ng mga likas na kayamanan. Sa katunayan, ang mga komunidad ng IP ay maaaring gawing bentahe ang lahat ng mga aktibidad at oportunidad sa proyekto.

Walang inaasahang malalang epekto resulta ng mga aktibidad ng proyekto sa isa mga katutubong grupo at sa iba pa. Ang potensyal na negatibong epekto at mga kaakibat na hakbang upang maibsan ito ay nakalista sa Seksyon 4. Ang mga ito ay maaari ring gamitin sa mga iba pang katutubong grupo sa Palawan o Zamboanga. Ang buong ESMF ay dinidetalye ang lahat ng mga ispisipikong mga hakbang para sa mga katutubong grupo patungkol sa proyekto.

(c) Pagbuo ng isang *Indigenous Peoples Plan* (IPP)

Ang Pamantayan ng WWF sa Mga Katutubo ay nangangailangan ng:

- Isang maingat na paghahanda ng isang IPP na may partisipasyon ng mga apektadong komunidad, hindi alintana kung ang mga apektadong IP ng proyekto ay maaapektuhan nang masama o positibo.
- Isang screening para sa mga IP upang masuri ang mga panganib at pagkakataon, at upang mapabuti ang pag-unawa sa lokal na konteksto at mga apektadong komunidad.

Batay sa mga resulta ng mga panlipunang pagtatasa, isang IP Plan ay dapat bumuo para sa bawat lugar ng proyekto. Ang mga nilalaman ng IPP ay nakasalalay sa mga partikular na aktibidad ng proyekto na natukoy at ang mga epekto ng mga aktibidad na ito sa mga IP sa lugar ng proyekto.

5.5. Pagsubaybay

Ang pangkalahatang responsibilidad para sa pagpapatupad ng ESMF at para sa pagsubaybay sa pagsunod sa mga aktibidad sa pangangalaga sa kapaligiran at panlipunan ng Proyekto ay nasa BFAR PMU. Ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR ay mangangasiwa sa pagpapatupad ng lahat ng aktibidad sa larangan at tiyakin ang kanilang pagsunod sa ESMF. Dapat ding susubaybayan ng *Safeguards/Gender/M&E Specialist* ang *grievance redress mechanism* (GRM) ng proyekto at tasahin ang pagiging epektibo nito (ibig sabihin, hanggang saan ang mga karaingan ay nareresolba sa isang mabilis at kasiya-siyang paraan). Ang *Safeguards at Gender Specialist* sa BFAR ay magbibigay sa *Project Manager* sa SEAFDEC ng buwanang mga ulat sa pagsubaybay. ***Ang pagbabayad ng mga pondo ng proyekto ay nakasalalay sa kanilang ganap na pagsunod sa mga kinakailangan sa pag-iingat.***

Ang WWF bilang ahensyang nagpapatupad ng proyekto at ang SEAFDEC bilang ahensyang tagapagpapatupad ay may pananagutan na pangasiwaan ang pagsunod sa ESMF.

5.6. Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Ang mga taong apektado ng proyekto ay dapat na makilahok **nang maaga sa pagpapatupad ng bawat aktibidad na maaaring makaapekto sa kanilang mga interes, karapatan, at kabuhayan.** Ang mga miyembro ng komunidad na dapat makisali sa mga konsultasyon ay ang mga taong, bilang direktang resulta ng isang aktibidad, nang walang alam na pahintulot o kapangyarihang pumili, maaaring: (a) mawala ang kanilang mga ari-arian o paggamit sa mga yaman o pagpasok sa komunidad at likas na yaman, o (b) mawalan ng pinagmumulan ng kita o paraan ng kabuhayan, pisikal man silang lumipat sa ibang lugar o hindi. Ang mga madaling maapektuhan at mga nasa laylayang grupo (kababaihan, kabataan, mga indibidwal na may kapansanan, matatanda) ay dapat na aktibong lumahok sa mga konsultasyon na may kaugnayan sa proyekto at sa pagbuo ng mga LRP.

Kapag nagsimula na ang proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, dapat itong mapanatili. Ang mga kasaping-grupo sa komunidad ay dapat panatiliing may kaalaman, at ang suporta ay kailangang ibigay kung kinakailangan, ang mga salungatan ay kailangang lutasin, ang mga pamamaraan ay kailangang gawin upang mapanatiling maayos ang proseso, ang mga layunin at mga deadline ay kailangang itakda.

Ang *Stakeholder Engagement Plan* (SEP) ng proyekto ay nagbibigay ng mga detalyadong alituntunin sa pakikipag-ugnayan ng iba't ibang kasaping-grupo at binabalangkas ang isang hanay ng mga partikular na organisasyon ng kasaping-grupo at aktor na dapat makilahok. Ang buong detalye tungkol sa mga *workshop*, mga pagpupulong ng kasaping-grupo, mga konsultasyon sa antas ng larangan (kabilang ang mga pagpupulong sa isang hanay ng mga lokal na kasaping-grupo, mga grupo

ng komunidad, mga pagbisita sa site, mga inspeksyon sa larangan, at mga talakayan ng focus group), mga pagtatanghal at pakikipag-ugnayan ay ibinibigay sa SEP, kung saan ang isang buod ay isinalin din para sa pagbubunyag sa mga kasaping-grupo.

5.7. Komunikasyon at Paglalahad

Itong mga buod ng ESMF at kaugnay na SEP ay isinalin sa Filipino at maaaring makuha kasama ang buong teksto ng ESMF at SEP sa Inggles sa mga *website* ng SEAFDEC at BFAR, gayundin sa mga *website* ng WWF GEF Agency. Ang mga kopyang nakalimbag sa papel ng isinalin na buod o *executive summaries* ng ESMF at SEP ay ilalagay sa naaangkop na mga pampublikong lokasyon at sa SEAFDEC at BFAR.

Sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto, ang mga ESMP na partikular sa aktibidad ay dapat ihanda sa konsultasyon sa mga apektadong komunidad at isiwalat sa lahat ng kasaping-grupo bago ang pagsasapinal ng konsepto ng proyekto.

Ang paglalahad ay dapat isagawa sa paraang makabuluhan at naiintindihan ng mga apektadong tao. Para sa layuning ito, ang buod ng mga ESMPs o ang mga tuntunin at kundisyon para sa *environmental clearances* ay dapat na ilalahad sa mga *website* ng SEAFDEC, BFAR at WWF.

5.8 Pagpapaunlad ng Kakayahan at Tulong-Teknikal

Ang mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kakayahan ay ibibigay ayon sa pangangailangan ng WWF US sa SEAFDEC at BFAR upang tulungan ang huli sa mga kinakailangan sa pagpapatupad ng ESMF/PF/IPPF at mabubuting kasanayan. Ang badyet para sa pagpapaunlad ng kakayahan ay dapat isama sa Bahagi (*Component*) 4.

5.9 Mekanismo sa Pagdinig ng Karaingan at Pagtama ng mga Pagkakamali

Ang proyekto ay magkakaroon ng direkta at ramdam na epekto sa mga lokal na komunidad at indibidwal na naninirahan sa loob o sa paligid ng mga lugar ng proyekto. Sa gayon, kailangan ang isang mahusay at epektibong mekanismo sa pagdinig ng karaingang at pagtatama ng pagkakamali (*Grievance Redress Mechanism/GRM*) na nangongolekta at tumutugon sa mga katanungan, mungkahi, alalahanin, at reklamo ng mga kasaping-grupo. Ang GRM ay bubuo ng mahalagang bahagi ng proyekto at tutulong sa BFAR sa pagtukoy at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga lokal na komunidad. Ang GRM ay dapat buuin bilang isang permanente at naaabot na institusyonal na kasunduan para sa pagtugon sa anumang mga karaingan na nagmumula sa pagpapatupad ng mga aktibidad ng proyekto.

Ito ay para sa interes ng proyekto upang matiyak na ang lahat ng mga karaingan o mga alitan na may kaugnayan sa mga aktibidad ng proyekto ay naaangkop na naresolba sa pinakamababang naaangkop na antas, nang di na kakailanganin ang pagpapaabot sa mas mataas na awtoridad o sa pagsisimula pa ng mga pamamaraan ng korte. Ang mga komunidad na apektado ng proyekto ay hihikayating lumapit sa GRM ng proyekto kung sa palagay nila ito ang naaangkop na antas upang ligtas na matugunan ang kanilang hinaing.

Ang GRM ay gagana batay sa mga sumusunod na prinsipyo:

1. **Pagkamakatarungan:** Ang mga hinaing ay tinatasa nang walang kinikilingan at tinutugunan nang malinaw at hayag.

2. **Obhektibo at may kalayaan:** Ang GRM ay gumagana nang malaya at bukod sa lahat ng interes ng mga partido upang magarantiya ang patas, obhektibo at walang kinikilingang pagtrato sa bawat kaso.
3. **Ang pagiging simple at pagiging kaabot-abot:** Simple lamang ang mga pamamaraan para maghain ng mga hinaing at humingi ng aksyon kaya madali itong maunawaan ng mga magbebenepisyo sa proyekto.
4. **Kakayahang tumugon at kahusayan:** Ang GRM ay idinisenyo upang tumugon sa mga pangangailangan ng lahat ng nagrereklamo. Alinsunod dito, dapat sanayin ang mga opisyal na humahawak ng mga karaingan para makagawa ng epektibong aksyon, at mabilis na tumugon sa mga hinaing at mungkahi.
5. **Mabilis at proporsyonal o may balanse sa pagitan ng reklamo at aksyon:** Lahat ng mga hinaing, simple man o kumplikado, ay tinutugunan at naresolba sa lalong madaling panahon. Ang aksyon sa mga hinaing o mungkahi ay mabilis, di-matitinag, at nakapagpapabuti.
6. **Pakikilahok at pagiging inklusibo:** Ang malawak na hanay ng mga apektadong tao – partikular na ang mga komunidad at mga grupong madaling maapektuhan o ang mga nangangailangan ng dagdag na proteksyon – ay hinihikayat na magpaabot ng kanilang mga hinaing at komento, sa atensyon ng mga nagpapatupad ng proyekto. Espesyal na atensyon ang ibibigay upang matiyak na ang mga mahihirap at ang mga grupong nasa laylayan, kabilang ang mga may espesyal na pangangailangan, ay makakagamit ng GRM.
7. **Pananagutan at pagkukumpleto ng “feedback loop”:** Ang lahat ng mga karaingan ay maitatala at susubaybayan, at walang karaingan ang mananatiling hindi nareresolba. Ang mga nagrereklamo ay palaging aabisuhan at makakakuha ng mga paliwanag tungkol sa mga resulta ng kanilang reklamo. Ang opsyon sa pag-apela ay laging naririyang upang gamitin.

Maaaring kabilang sa mga reklamo, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod na isyu:

- (i) Mga paratang ng pandaraya, maling gawain o katiwalian ng mga kawani o iba pang kasaping-grupo bilang bahagi ng anumang proyekto o aktibidad na pinondohan o ipinatupad ng proyekto ;
- (ii) Pang-kapaligiran at/o panlipunang damyos/pinsala dulot ng mga proyektong pinondohan o ipinatupad (kabilang ang mga kasalukuyang isinasagawa) ng proyekto;
- (iii) Mga reklamo at hinaing ng mga permanenteng o pansamantalang manggagawa na nakikibahagi sa mga aktibidad ng proyekto.

Ang mga reklamo ay maaaring nauugnay sa pag-iwas sa polusyon at kahusayan sa mapagkukunan; negatibong epekto sa kalusugan ng publiko, kapaligiran o kultura; pagkasira ng mga likas na tirahan; hindi katimbang na epekto sa mga nasa laylayan at madaling maapektuhang grupo; diskriminasyon o panliligalig; paglabag sa mga naaangkop na batas at regulasyon; pagkasira ng pisikal at kultural na pamana; o anumang iba pang isyu na negatibong nakakaapekto sa mga komunidad o indibidwal sa mga lugar ng proyekto. Ipatatupad ang mekanismo ng pagtugon sa karaingan sa paraang sensitibo sa kultura at mapapadali sa pag-abot ng mga pinakamadaling maapektuhang bahagi ng populasyon.

Ang GRM ay pangangasiwaan ng BFAR PMU at iuulat sa SEAFDEC PMU. Ang GRM ng proyekto ay gagana sa malapitang koordinasyon sa umiiral na GRM sa BFAR, na pinamamahalaan ng Department of Legislation & Inspection.

Ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR ay makikipagtulungan sa Department of Legislation & Inspection, upang ang lahat ng mga katanungan o reklamo na may kaugnayan sa proyekto ay

maayos at napapanahong makolekta at maproseso. Ang GRM ay gagana ayon sa mga sumusunod na alituntunin.

(1) Pagsusumite ng mga reklamo : Ang mga taong apektado ng proyekto, manggagawa, o interesadong kasaping-grupo ay maaaring magsumite ng mga hinaing, reklamo, tanong, o mungkahi sa BFAR PMU sa pamamagitan ng iba't ibang daluyan ng komunikasyon, kabilang ang telepono, regular na koreo, *email*, *text messaging/SMS*, o sa personal na pagharap, sa pamamagitan ng pagbisita sa mga opisina ng BFAR. Posibleng magsumite ng mga reklamo sa parehong WWF at BFAR upang matiyak na ang mga taong apektado ng proyekto ay may sapat na pagkakataon na magsampa ng kanilang mga reklamo sa walang kinikilingan at patas na mga awtoridad na kanilang pinili

(2) Pagproseso ng mga reklamo: Ang lahat ng mga hinaing na isinumite sa BFAR ay dapat irehistro at isaalang-alang. Dapat magbigay ng *tracking registration number* sa lahat ng nagrereklamo. Upang mapadali ang pagsisiyasat, ang mga reklamo ay ikategorya sa apat na uri: (a) mga komento, mungkahi, o mga tanong; (b) mga reklamo na may kaugnayan sa hindi pagganap ng mga obligasyon sa proyekto at mga reklamong nauugnay sa pag-iingat; (c) mga reklamo na tumutukoy sa mga paglabag sa batas at/o katiwalian habang nagpapatupad ng mga aktibidad sa proyekto; (d) mga reklamo laban sa mga awtoridad, opisyal o miyembro ng komunidad na kasangkot sa pamamahala ng proyekto; at (e) anumang mga reklamo/isyu na hindi kabilang sa mga kategorya sa itaas. Ang mga reklamong isinumite sa BFAR ay hahawakan ng Department of Legislation & Inspection alinsunod sa mga hakbang sa operasyon nito sa pakikipag-ugnayan sa *Safeguards/Gender/M&E Specialist*.

(3) Pagkilala sa pagtanggap ng mga reklamo: Kapag naisumite ang isang karaingan, ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR ang pagtanggap nito, ipaalam sa nagrereklamo ang proseso ng pagresolba sa karaingan, ibibigay ang mga detalye para sa pakikipag-ugnayan sa taong naatasang humawak ng hinaing, at magbibigay ng isang numero ng rehistrasyon na tutulong sa nagrereklamo para masubaybayan ang katayuan ng kanyang reklamo.

(4) Pagsisiyasat ng mga reklamo:

- a. Para sa mga reklamong isinumite sa BFAR, itatalaga ng Department of Legislation & Inspection ang reklamo para sa imbestigasyon ng mga kaugnay na awtoridad, habang inaabisuhan ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* ng proyekto.

Ang isang nakasulat na tugon sa lahat ng mga karaingan ay dapat ibigay sa nagrereklamo sa loob ng 10 araw ng trabaho (10 working days), alinsunod sa mga pamamaraan ng pagpapatakbo ng Departamento ng Lehislyasyon at Inspeksyon. Ang mga karaingan na hindi mareresolba ng mga awtoridad/opisina na tumatanggap ng karaingan sa kanilang antas ay dapat magdulog nito sa mas mataas na antas para sa pag-beripika at pagsagawa ng karagdagang imbestigasyon.

(5) Apela : Kung sakaling hindi nasiyahan ang mga partido sa tugon na ibinigay ng GRM, iminumungkahi ang sumusunod na proseso ng apela: Ang mga apela sa mga reklamo na unang inihain sa BFAR ay maaaring isumite sa WWF. Sa parehong mga kaso, ang mga apela ay dapat isumite sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng orihinal na desisyon. Kung sakaling hindi nasiyahan ang mga partido sa desisyon ng apela, maaaring isumite ng mga partido ang kanilang mga hinaing sa Hukuman ng Batas para sa karagdagang paghatol.

(6) Pagsubaybay at pagsusuri : Ang *Safeguards/Gender/M&E Specialist* sa BFAR ay dapat magsumite ng ulat na may buong impormasyon sa mga hinaing na isinumite sa BFAR sa SEAFDEC. Ang ulat ay dapat maglaman ng isang paglalarawan ng mga karaingan at ang kanilang katayuan sa pagsisiyasat. Ang mga summarized na ulat ng GRM ay dapat bubuo ng

bahagi ng regular na pag-uulat ng progreso ng proyekto, at dapat isumite ng SEAFDEC sa PSC at WWF GEF Agency.

Ang impormasyon tungkol sa mga channel o pamamaraang magagamit para sa pagtugon sa karaingan ay dapat na malawak na ipaalam sa lahat ng mga komunidad na apektado ng proyekto at sa lahat ng kasaping-grupo may kinalaman rito. Ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan (pangalan, numero ng telepono, adres sa koreo at email address, atbp.) ng BFAR at WWF GRM ay dapat malawakang ipagbigay-alam bilang bahagi ng lahat ng mga pampublikong pagdinig at konsultasyon, sa lokal na media, sa lahat ng pampublikong lugar sa mga apektadong komunidad, o at sa malaking mga billboard sa paligid ng mga lugar na ginagalawan ng proyekto.

Ang GRM ay naglalayong umakma, sa halip na palitan, ang sistema ng hudisyal at iba pang mekanismo sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan. Ang lahat ng nagrereklamo ay maaaring maghain ng kanilang hinaing sa mga lokal na korte o lumapit sa mga tagapamagitan o *arbitrator*, alinsunod sa batas ng Pilipinas.

Bilang karagdagan sa GRM na partikular sa proyekto, ang isang nagrereklamo ay maaaring magsumite ng karaingan sa WWF GEF Agency. Maaaring magsampa ng karaingan sa *Project Complaints Officer* (PCO), isang kawani ng WWF na ganap na independyente sa *Project Team*, na responsable para sa WWF *Accountability and Grievance Mechanism* at maaaring maka-ugnay sa:

Email: SafeguardsComplaint@wwfus.org

Address ng koreo:

Project Complaints Officer
Safeguards Complaints
World Wildlife Fund
1250 24th Street NW
Washington, DC 20037

Ang mga kasaping-grupo ay maaari ding magsumite ng reklamo online sa pamamagitan ng isang independiyenteng *third-party platform* sa <https://report.whistleb.com/vi/wwf>.

Bilang kahalili, ang mga reklamo ay maaaring isumite sa *Conflict Resolution Commissioner* ng GEF, na maaaring maabot sa:

Mr. Peter Lallas, GEF Conflict Resolution Commissioner

E-mail: plallas@thegef.org

Address sa koreo: Mr. Peter Lallas
Global Environment Facility
The World Bank Group, MSN N8-800
1818 H Street, NW
Washington, DC 20433-002

5.10. Badyet

Ang mga gastos sa pagpapatupad ng EMSF, kabilang ang lahat ng mga gastos na nauugnay sa kompensasyon sa mga taong apektado ng proyekto, ay ganap na sakop ng badyet ng proyekto.

Responsibilidad ng *Safeguards at Gender Specialist* sa BFAR na tiyaking may sapat na badyet para sa lahat ng mga hakbang sa pagpapagaan ng epekto ng mga partikular na aktibidad na syang maaaring kailanganin bilang pagsunod sa EMSF.

Isang *full-time* na *Safeguards at Gender Specialist* ang ieempleyo ng BFAR at 100% ng kanilang oras ay ilalaan sa pagtiyak ng pagpapatupad ng ESMF. Isang permanenteng *M&E Officer* ay ieempleyo ng SEAFDEC para susubaybayan ang pagpapatupad ng ESMF.